Gabay para sa Dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Iga

（Bersyong Tagalog）



伊賀市
Iga City

2026 (Taong Reiwa 8) Abril
– Binagong Edisyon

Sugat at Sakit

① Kapag may biglaang pagkakasakit, malubhang pagkakasugat, sunog, insidente, o aksidente 2
② Kapag nag-aalinlangan kung dapat tumawag ng ambulansya 3
③ Kapag sarado ang ospital 4
④ Ospital 5

Sakuna (tulad ng bagyo at lindol)

⑤ Paghahanda bago magkaroon ng sakuna 6
⑥ Kapag may sakuna 6・7

Pamumuhay

⑦ Mga proseso para sa pananatili sa Japan 8
⑧ Kapag lilipat ng tirahan 9
⑨ Kapag may namatay 9
⑩ Pagpaparehistro ng personal seal (inkan registation) 10
⑪ Sistema ng My Number 11
⑫ Basura 12・13
⑬ Pakikipag-ugnayan sa mga kapitbahay 14
⑭ Kapag mag-aalaga ng aso 15
⑮ Kapag uupa ng apartment at iba pang tirahan (kontrata sa pag-upa) 16・17
⑯ Kuryente, gas, tubig/sewer (imburnal), at cellphone (smartphone) 18・19

・Insurance• Pension • long-term care insurance • Disability welfare at Buwis

⑰ Health insurance /Seguro sa kalusugan 20
⑱ National pension 21
⑲ Insurance sa pangangalaga (kaigo hoken) 22
⑳ Welfare para sa mga taong may kapansanan 22
㉑ Buwis 23

Pag-aalaga at pagpapalaki ng anak

㉒ Kapag nag-buntis 24
㉓ Kapag nanganak 24
㉔ Daycare / Childcare Center • Kindergarten 25
㉕ Elementary School • Junior High School 26
㉖ Senior High School atbp. 27
㉗ Atbp. 28

Mga patakaran sa kalsada


㉘ Kapag mag-lalakad 29
㉙ Kapag sasakay ng Bisekleta 29
㉚ Kapag magmamaneho ng sasakayan o motorsiklo 29

ATBP.

㉛ Sa ganitong mga pagkakataon 30～34
㉜ Malalaking festival at events ng Iga City 35

■Maligayang pagdating sa Lungsod ng Iga■

Ang gabay na aklat na ito ay ginawa para sa mga dayuhang nakatira sa Lungsod ng Iga upang makapamuhay nang may kapanatagan.
Nakalagay dito ang mga dapat malaman para sa pang-araw-araw na pamumuhay, at ang mga kinakailangang impormasyon upang maprotektahan ang buhay.
Mangyaring basahin ninyo ang gabay na aklat na ito.



■Anong klaseng lugar ang Lungsod ng Iga？■

Ang Lungsod ng Iga ay matatagpuan sa hilagang-kanlurang bahagi ng Prepektura ng Mie.
Katabi nito ang Prepektura ng Shiga, Kyoto, at Nara.
Mga 80 minuto ang biyahe sakay ng kotse papunta sa Osaka, Kyoto, o Nagoya.
May humigit-kumulang 83,000 katao ang nakatira sa Iga City, at mga 6,300 sa kanila ay mga dayuhan (bilang ng Disyembre 2025).
Sikat ang Iga bilang bayan ng Matsuo Bashō at ng Iga-ryū Ninja.

Opisyal na bulaklak, puno, at ibon ng Iga City



SASAYURI



AKAMATSU



KIJI

Sugat at Sakit

① Kapag may biglaang sakit, malubhang pagka-sugat, sunog, krimen, o aksidente

TELEPONO	PALIWANAG	
119  Tatawag ka sa (istasyon ng bumbero)	**Kapag biglang nag-kasakit o malub hang nasugatan**	● 「Sasabihin mo: 'Kyūkyū desu' (ibig sabihin: emergency) ●Sabihin mo kung saan dapat pumunta ang ambulansya para tulungan ka ●Ipaliwanag mo kung ano ang sitwasyon ng taong may sakit o nasugatan ●Sabihin mo ang iyong pangalan at numero ng telepono
	Kapag may SUNOG	● Sasabihin mo: 'Kaji desu' (ibig sabihin: may sunog) ●Sabihin mo kung saan ang lugar na nasusunog ●Sabihin mo kung ano ang nasusunog ● Sabihin mo ang iyong pangalan at numero ng telepono

※Ang impormasyon tungkol sa pagtawag ng ambulansya ay maaaring maunawaan sa iba't ibang wika.Ito ay mula sa Fire and Disaster Management Agency ng Ministry of Internal Affairs and Communications (Japan).
「Gabay para sa mga turista kung paano tumawag at gumamit ng ambulansya sa Japan」

☞

※Libre ang ambulansya sa Japan, pero hindi ito puwedeng tawagin kung hindi naman seryoso ang sakit o sugat
※Kung gagamit ka ng ambulansya, ikaw ang mag-aasikaso ng paraan para makauwi

110  Tatawag ka sa (himpilan ng pulisya)	**Aksidenteng pang-trapiko**	● Sasabihin mo: 'Jiko desu' (ibig sabihin: may aksidente) ●Sasabihin mo kung kailan, saan, at ano ang nangyari ● Sabihin mo ang iyong pangalan at numero ng telepono
	Insidente → Krimen / kaso	● Sasabihin mo: 'Jiken desu' (ibig sabihin: may insidente o kaso) ● Sasabihin mo kung kailan, saan, at ano ang nangyari ● Sabihin mo ang iyong pangalan at numero ng telepono

②Kapag nagdadalawang-isip ka kung dapat kang tumawag ng ambulansya

■Iga City Emergency & Health Consultation Dial 24 0120-4199-22

Puwede kang tumawag 24 oras para kumonsulta sa nurse atbp. tungkol sa anumang sakit sa katawan o isip. Libre ang serbisyo.

Mga bagay na maaari mong ikonsulta	・Simpleng sugat / Hindi malubhang pagkasugat ・Karaniwang trangkaso / mild flu ・Mga problema o pinagdadaanan sa pag-aalaga ng anak ・Pag-aalaga (ng may sakit o matatandang tao) ・Mga problema sa kalooban, mga bagay na nagpapabahala o nagpapastress, at kung anu-ano pang concern sa mental na kalusugan
Oras kung kailan ka maaaring kumonsulta	・Japanese, English, Portuguese — mula 0:00 hanggang 24:00 (24 oras, 365 araw). ・Vietnamese — 8:30 hanggang 20:00 (365 araw)

■Call center para sa impormasyon tungkol sa emergency medical services sa Mie Prefecture

059-229-1199

Kapag ang sakit o sugat ay hindi ganoon kalubha para tumawag ng ambulansya, maaari kang tumawag 24 oras para itanong kung saang ospital ka dapat pumunta. Sa internet, maaari mo ring tingnan ang impormasyon sa iba't ibang wika.

「Medical Net Mie」 ☞

③ Kapag sarado ang ospital

Kapag gabi, Linggo, o ibang oras na sarado ang mga ospital, nagbibigay sila ng paunang lunas para sa sakit o sugat



■Iga City Emergency Clinic　　0595-22-9990

Matatagpuan sa 1700-1 Kaminoshō, Iga City — sa tabi mismo ng Okanami General Hospital.

Araw ng konsultasyon	Mga uri ng check-up o espesyalidad na available sa klinika.	Oras ng konsultasyon / Oras na tumatanggap ng pasyente	Oras ng pagtanggap / Oras ng pag-paparehistro
Mula Lunes hanggang Sabado	General check-up at pediatric care (para sa mga bata)	20：00～23：00	20：00～22：30
Linggo at mga araw ng holiday		9：00～12：00 14：00～17：00 20：00～23：00	9：00～11：30 14：00～16：30 20：00～22：30

■Mga kailangang dalhin kapag pupunta sa Iga City Emergency Clinic

- MyNa insurance card o dokumento ng pagkakakilanlan para sa insurance
- Pera
- Welfare Medical Expense Beneficiary Certificate
  (para sa bata, single parent, o may kapansanan — kung mayroon ka nito)
- Talaan ng iniinom na gamot (medicine notebook)

☝ Kung hindi gaanong nakakapagsalita ng Nihongo, puwedeng gumamit ng makina para sa pagsasalin ng wika.

④Ospital

■Mga uri ng ospital

Internal medicine (Naika)	Pag-gamot ng trangkaso at mga sakit sa loob ng katawan (mga internal organs).
Surgery (Geka)	Ginagamot ang sakit o nag-oopera
Pediatric (Shounika)	Ginagamot ang sakit para lamang sa mga bata
Orthopedic surgery (Seikeigeka)	Ginagamot ang mga buto, kasu-kasu-an, at mga kalamnan
Ophthalmology (Ganka)	Ginagamot ang mga sakit sa mata.
Otolaryngology (Jibi-inkouka)	Ginagamot ang mga sakit sa tainga, ilong, at lalamunan.
Dentistry (Shika/haisha)	Ginagamot ang mga ngipin
Obstetrics and Gynecology (OB-GYN) (Sanfujinka)	Ginagamot ang mga sakit na para lamang sa kababaihan. Tinutulungan din sa pagbubuntis at panganganak.

■Mga kailangang dalhin kapag pupunta sa Ospital

・MyNa insurance card o dokumento ng pagkakakilanlan para sa insurance
・Pera
・Welfare Medical Expense Beneficiary Certificate

(para sa bata, single parent, o may kapansanan — kung mayroon ka nito)

・Talaan ng iniinom na gamot (medicine notebook)

☝ Kung hindi ka masyadong marunong magsalita ng Nihongo, humingi ka ng tulong sa isang taong nakakapagsalita ng Nihongo para sa pagsasalin

Sakuna (tulad ng bagyo at lindol)

Ang Japan ay isang bansa na madalas tamaan ng mga sakuna, tulad ng malalakas na bagyo (matinding ulan at malakas na hangin) at mga lindol (pagyanig ng lupa).

〜Kapag may sakuna, maaaring mangyari ang mga sumusunod:
– Maging mahirap ang signal ng cellphone.
– Maaaring mawalan ng kuryente, gas, o tubig.
– Maaaring tumigil ang takbo ng tren at bus, at may mga kalsadang hindi madadaanan



⑤Paghahanda bago magkaroon ng sakuna

Disaster Prevention and Crisis Management Bureau
Bousai kiki taisaku kyoku 0595-22-9640



•Kapag may lindol o bagyo, siguraduhin kung saan kayo lilikas o pupunta para lumikas (＝evacuation center).
• Makilahok sa mga pagsasanay para sa sakuna (＝disaster drill).
• Maghanda ng pagkain, tubig, flashlight, at iba pang gamit na sapat para sa 3 araw hanggang 1 linggo, sakaling mawalan ng kuryente, gas, o tubig (＝mga gamit na pang‐imbak).
• Ihanda ang mga dadalhin kapag kailangang lumikas—tulad ng pagkain, tubig, gamot, at mahahalagang dokumento.

⑥Kapag may sakuna —

Disaster Prevention and Crisis Management Bureau
Bousai kiki taisaku kyoku 0595-22-9640

・Mag‐ingat at kumilos nang mahinahon habang kinukuha ang tamang impormasyon.”
・May impormasyon ang Iga City na puwedeng basahin sa iba’t ibang wika, kaya siguraduhing tingnan ito.”


Mobile App na nagbibigay ng impormasyon at babala kapag may sakuna.

HAZARDON

App Store からダウンロード

Google Play で手に入れよう

※Para sa paraan ng pag‐rehistro, pakitingnan ang homepage ng Lungsod ng Iga

	Mga gamit na naka-imbak at mga bagay na dadalhin kapag lilikas.
Pagkain	□Mga biskwit na pang-imbak tulad ng kanpan at crackers □Mga pagkaing pang-emergency na madaling ihanda, tulad ng retort packs at instant noodles □Delata □Chichirya（chokolate, kendi atbp.） □Powdered milk at bote para sa sanggol, at iba pa. 
Tubig	□Tubig para inumin (3 litro bawat tao kada araw, para sa hindi bababa sa 3 araw)
Damit atbp.	□Tuwalya. □Damit na panloob at medyas □Damit na may mahabang manggas □ Mga damit na pampainit (pang-taglamig) 
Gamot atbp.	□Band-aid, benda, at gasa □Gamot at health notebook □ Mask at disinfectant □Sipilyo at body wipes □Portable toilet □ Mga gamit para sa regla at diaper 
gas ilaw atbp.kagamitan	□Posporo at lighter □Flashlight □Portable gas stove（★） 
Atbp.	□Helmet at guwantes na pang-trabaho □Mobile battery / power bank □Portable radio. □Leisure sheet □ Sleeping bag at kumot（★） 
Importanteng gamit（mahalagang bagay）	□Pasaporte □ Residence card. □My Number Card □ Dokumento para sa pagkumpirma ng kwalipikasyon. □Pera □Bank passbook □Hanko (personal seal) 

※Kapag lilikas huwag dalhin ang may marka nito(★)

⑦Mga proseso para sa pananatili sa Japan

Nagoya Immigration Bureau (Nyuukan) 052-559-2150

■Residence Card (Zairyū Card)

Ang mga dayuhang maninirahan sa Japan pang-matagalang panahon (higit sa 3 buwan) ay tumatanggap ng「Residence Card (Zairyū Card)」.
Napakahalaga ng card na ito.
Nakasulat dito ang pangalan, petsa ng kapanganakan, tirahan, nasyonalidad, status of residence, at panahon ng pananatili.
Para sa mga 16 taong gulang pataas, dapat itong dalhin palagi



■Kapag nawala ang Residence Card (Zairyū Card)

Pumunta sa Immigration (Nyūkan) upang kumuha ng bagong Residence Card.
Kailangan itong gawin sa loob ng 14 na araw.

Mga dapat dalhin	・Pasaporte・Isang pirasong litrato ・Police report reception number atbp.

■Residence Card para sa bagong-silang na sanggol

Kapag ipinanganak ang sanggol sa Japan at mananatili siya nang higit sa 60 araw, kailangan magpunta sa Immigration (Nyūkan) upang mag-apply para sa Residence Card ng sanggol.
Dapat itong gawin sa loob ng 30 araw mula nang ipanganak ang bata.

Mga dapat dalhin	• Katibayan ng Pagtanggap ng Birth Notification (Shusshō Todoke Juri Shōmeisho) o Katibayan ng Mga Nakasaad sa Birth Notification (Shusshō Todoke Kisai Jikō Shōmeisho) • Resident Record (Jūminhyō) ng lahat ng miyembro ng sambahayan • (Kung meron) pasaporte ng sanggol

Lugar na puwedeng lapitan para kumonsulta	Comprehensive Information Center para sa Residence Status ng mga Dayuhan 0570-013904 03-5796-7112（IP，Mula sa ibang bansa） **Lunes hanggang Biyernes (karaniwang araw), 8:30–17:15**

⑧Kapag lilipat ng tirahan— Civil Registry and Resident Affairs Section (Koseki Jūmin-ka). 0595-22-9645

■Kapag lilipat mula sa Iga City papunta sa ibang lungsod **(Tenshutsu / Pag-alis ng rehistro)**

Bago lumipat ng tirahan, mag-submit ng「 **Notification of Moving Out」(Tenshutsu-todoke)** sa City Hall.

Maaari itong isumite mula 30 araw bago ang paglipat.

Makakatanggap ka ng Tenshutsu Certificate.

Mag dapat dalhin	・Pasaporte ・Residence Card ・My Number Card (para sa mga taong mayroon nito)

Pagkatapos lumipat, mag-submit ng **Notification of Moving In (Tennyū-todoke)** sa City Hall ng lungsod na nilipatan.

Dapat itong isumite sa loob ng 14 na araw mula sa paglipat.

Isumite rin ang **Tenshutsu Certificate** na ibinigay ng Iga City

■Kapag lilipat ng tirahan sa loob ng Iga City **(Tenkyo / Paglipat sa loob ng parehong lungsod)**

Pagkatapos lumipat, mag-submit ng **Notification of Change of Address (Tenkyo-todoke)** sa City Hall.

Dapat itong isumite sa loob ng 14 na araw mula sa paglipat.

Mga dapat dalhin	・Pasaporte ・Residence Card ・My Number Card (para sa mga taong mayroon nito) ・Certificate of Eligibility for Benefits o Welfare Medical Expense Recipient Certificate, atbp. (mga dokumentong may nakasulat na dating address)

⑨Kapag may namatay— Civil Registry and Resident Affairs Section (Koseki Jūmin-ka) 0595-22-9645

Sa loob ng 7 araw mula nang malaman mo ang pagkamatay,

kailangan mong magsumite ng **Death Notification (Shibō-todoke)** sa City Hall.

Mga dapat dalhin	・Death Certificate o Post-mortem Examination Report ・Pasaporte (ng pumanaw at ng taong magsusumite ng dokumento)

※Ang Residence Card ng pumanaw ay kailangang ibalik sa Immigration sa isa sa dalawang paraan:

・Dalhin ito sa pinakamalapit na Immigration office.

・Ipadala ito sa pamamagitan ng koreo kasama ang mga kinakailangang dokumento.

Pakitingnan ang impormasyon dito ☞

⑩Pagpaparehistro ng personal seal (Inkan Registration) — Civil Registry and Resident Affairs Section (Koseki Jūmin-ka) 0595-22-9645

Sa halip na pirma, gumagamit ng **inkan (hanko)**.
Ang inkan na nakarehistro sa City Hall ay tinatawag na **jitsuin (certified seal)**.
Kapag bibili ng bahay o magrerehistro ng sasakyan, ginagamit ang **jitsuin** para sa mahahalagang dokumento.
Kapag na-rehistro ang inkan, makakakuha ka ng **Inkan Registration Card**.
Ginagamit ang **Inkan Registration Card** kapag kukuha ng **Inkan Registration Certificate**.

■Kapag magrerehistro ng inkan (personal seal)


Mga taong maaaring magparehistro.	15 taong gulang pataas (※ Kahit 15 pataas, may mga pagkakataong hindi pa rin maaaring gawin ito).
Mga seal/stamp na maaaring irehistro.”	Ang pangalan na nakarehistro sa resident record (jūminhyō), kasama ang ginagamit na alias, at ang pagbasa ng pangalan na nakasulat sa katakana
Mga dapat dalhin.	Inkan (seal/stamp) na ire-rehistro at ang Residence Card.
Halagang kailangang bayaran	300 yen

■Kapag kukuha ng Inkan Registration Certificate.

Mga dapat dalhin.	Inkan Registration Card at Residence Card.
Halagang kailangang bayaran	300 yen bawat isang kopya

⑪Sistema ng My Number (National ID Number) – Civil Registry and Resident Affairs Section (Koseki Jūmin‐ka) 0595-41-2355

Ang mga taong nakarehistro bilang residente ay may tinatawag na My Number (personal number).
Ito ay isang 12-digit na numero. Iba-iba ang numerong ito para sa bawat tao.



■Sitwasyong kailangan ang My Number

Mga bangko, mga kumpanya ng investment/securities, at iba pang katulad na institusyon

・Kapag magpapadala ng pera sa ibang bansa
・Kapag tatanggap ng pera mula sa ibang bansa.
・Kapag magbubukas ng bank account, at iba pa.

City hall

・Kapag nagsusumite ng mga dokumento para sa social insurance o buwis
・Kapag nag-aapply para sa mga benepisyo tulad ng child allowance
・Kapag nagsusumite ng aplikasyon sa daycare (hoikuen), at iba pa

Mga kumpanya at mga tindahan

・Kapag magsisimula nang magtrabaho, at iba pa.

■My Number Card

・Kapag nag-apply ka sa city hall, maaari kang magkaroon ng My Number Card.
• Libre ang paggawa ng card (0 yen).
• Maaari itong gamitin bilang patunay ng iyong My Number at bilang ID card.
• Kung mayroon kang card, maaari kang kumuha ng kopya ng resident certificate (jūminhyō) o inkan registration certificate sa mga multi-copy machine sa mga convenience store sa buong Japan.
• Para sa mga taong may takdang panahon ng paninirahan (residence period), ang bisa ng My Number Card ay kapareho ng haba ng kanilang residence period

⑫Basura

■Kapag magdadala ka ng basura sa tapunan (ang nakatakdang lugar para maglagay ng basura),paghiwa-hiwalayin mo ang basura ayon sa uri.
Ilabas mo ito sa itinakdang araw.

Mga uri ng basura Paraan ng paglalabas ng basura Araw ng paglalabasng basura	Ito ay nakatakda ayon sa lugar kung saan ka nakatira. Pakisuri sa kalendaryo ng basura o sa garbage app. (Maaari itong tingnan sa Portuges, Espanyol, Tsino, Ingles, at Vietnamese.)  iPhone Android
Lugar kung saan inilalabas ang basura	Kung ikaw ay kasapi sa jichikai (neighborhood association), magtanong sa pinuno ng samahan o sa iyong mga kapitbahay. Kung nakatira ka sa apartment, magtanong sa management company o sa may-ari ng bahay.
Lugar kung saan maaaring kumonsulta 	Sakura Recycling Center (maliban sa Aoyama District) 0595-20-9272 Iga Southern Clean Center (Aoyama District) 0595-53-1120

■Kapag gusto mong direktang dalhin ang basura sa pasilidad ng pagproseso (para sa mga taong hindi nakatira sa Aoyama District),
pakitanong nang direkta sa pasilidad tungkol sa bayad sa serbisyo

Lugar kung saan dadalhin ang basura	**Mga uri ng basura**
Sakura Recycling Center (3547-13 Hatta, Iga City) 0595-20-9272	Nasusunog na basura, recyclable na basura, malalaking basura, at iba pa. ※ Siguraduhing paghiwa-hiwalayin ang basura ayon sa uri bago ito dalhin. ※ May mga uri ng basura na hindi maaaring iproseso, tulad ng mga basurang galing sa sariling pag-renovate ng bahay (construction waste) at mga piyesa ng sasakyan.
Pasilidad para sa pagproseso ng di-nasusunog na basura (4631 Nishitakakura, Iga City) 0595-23-8991	Mga bloke, mga tisa (roof tiles), lupa at buhangin, at iba pa. ※ May mga uri ng basura na hindi kayang iproseso.

(Para sa mga tao sa Aoyama District)
※ Para sa bayad sa serbisyo, direktang magtanong sa mismong pasilidad

Lugar na pagdadalan	**Uri ng basura**
Iga Southern Clean Center (Iga nanbu clean center) 0595-53-1120	Nasusunog na basura, hindi nasusunog na basura, plastic na pambalot at lalagyan, recyclable na basura, at malalaking basura (bulky waste). ※ Siguraduhing paghiwa-hiwalayin ayon sa uri bago dalhin.

■Paraan ng paglabas ng malalaking basura (bulky waste)

Ang mga malalaking basura tulad ng aparador, kama, at bisikleta ay puwedeng kunin sa harap ng bahay o malapit sa apartment. Kailangan magpa-schedule o magpa-appointment.

Paraan ng pag-schedule	① Tumawag sa Sodai-gomi Uketsuke Center (Center para sa Pagtanggap ng Malalaking Basura). ② Ibigay ang address, pangalan, numero ng telepono, at ang mga bagay na ipapakuha kasama ang bilang. Itanong ang araw ng pagkuha at ang lugar kung saan ilalagay ang basura. ③ Bumili ng “Sodai-gomi Shoriken” (sticker para sa pagproseso ng malalaking basura) sa City Hall o sa service counter ng malalaking supermarket. ④ Isulat ang pangalan sa Sodai-gomi Shoriken at idikit ito sa basura. ⑤ Ilabas ang basura bago mag 9:00 AM sa araw ng pagkuha (Para sa Aoyama District: bago mag 8:30 AM).
Bayad na pera at iba pa	・Sa isang beses na reservation, hanggang limang piraso ang puwedeng i-apply. ・Ang Sodai-gomi Shoriken ay 200 yen bawat isa. ・Siguraduhing mag-reservation muna bago bumili ng bilang ng processing stickers na kapareho ng bilang ng mga ipapakuha. （Ang bayad para sa mga sticker na hindi nagamit ay hindi ibinabalik.）
Lugar para kumonsulta	Iga North Bulky Waste Reception Center (maliban sa Aoyama District) 0595-20-1255 Iga South Bulky Waste Reception Center (Aoyama District) 0595-64-8700

⑬ Pakikipag-ugnayan sa mga kapitbahay (mga taong nakatira malapit)

・Kapag nakasalubong ang mga kapitbahay, magbigay ng pagbati.
・Kung may hindi naiintindihan, magtanong sa mga kapitbahay



■Samahan ng mga residente / asosasyon ng mga kapitbahay

Nagtitipon ang mga taong kapitbahay upang magsagawa ng iba't ibang gawain para maging ligtas at mas madaling tirhan ang kanilang komunidad. Sumali sa "samahan ng mga residente (jichikai)" at makilahok sa iba't ibang aktibidad. At maging isang kasapi ng inyong lugar.

Para makapasok sa samahan ng neighborhood association (jichikai)	・Kumonsulta sa presidente ng samahan ng mga residente (jichikai). ・Kapag hindi alam kung sino ang presidente, magtanong sa mga kapitbahay o sa city hall. **Chiiki seisaku-ka 0595-22-9639**
Mga mabubuting katangian ng neighborhood association 	・Makakatulong at makakapag-tulungan ka sa mga taong malapit sa iyo." ・Makakakuha ka ng mga anunsyo mula sa City Hall sa pamamagitan ng kairanban (isang papel na ipinapasa nang sunod-sunod sa mga kapitbahay para makita ang mga impormasyon). ・Magagamit mo ang itinakdang lugar ng pagtatapon ng basura na para sa (jichikai) (neighborhood association)
neighborhood association fee	・Magkakaiba ang halaga ng bayad sa bawat jichikai (neighborhood association) ・Itanong sa presidente ng jichikai
Mga Gawain ng neighborhood association	・Nagpapatakbo o namamahala ng lugar na pinaglalagyan ng basura." ・Naglilinis ng parke at mga kalsada sa komunidad." ・Nagsasagawa ng disaster training (pagsasanay kung paano ligtas na lumikas kapag may sakuna at pagsasanay sa pagpuksa o pagpatay ng apoy)." ・Nagsasagawa ng mga event tulad ng pista at iba pang okasyon.

⑭Kapag mag-aalaga ng aso – Living safety Division (Kurashi anzen ka) 0595-41-0931

Kapag mag-aalaga ng aso, magsusumite ka sa City Hall ng ‘Application Form for Dog Registration

Aso na ire-rehistro	Aso na lampas 90 araw mula nang ipanganak
Bayad sa pagpaparehistro	3,000-yen ang gastos (bawat isang aso)
Iniksyon / Turok	Isang beses bawat taon, binibigyan ng iniksyon laban sa rabies ang aso. (Magpapadala ang City Hall ng postcard/paalala.)
Mga bagay na dapat sundin 	・Kapag pinapasyal ang aso, ilagay ang dumi ng aso sa plastik na bag at iuuwi ito. ・Kapag nag-aalaga ng aso sa labas ng bahay, lagyan ang aso ng tali (leash)
Kapag namatay ang aso	Kapag namatay ang aso, magsusumite ng “Abiso ng Pagkamatay ng Aso” sa City Hall. Maaari rin itong gawin mula rito. ☞
Kapag lumipat ng tirahan	Kapag lumipat ng tirahan, kailangan ding baguhin ang address ng aso. ■ Kapag lumipat ng tirahan sa loob ng Lungsod ng Iga, gawin ang proseso sa City Hall ng Iga. ■ Kapag lilipat sa labas ng Lungsod ng Iga, dalhin ang identification tag na ibinigay noong nagparehistro ka ng aso, at gawin ang proseso sa City Hall ng lilipatang lugar 
Kapag tumakas ang aso	Kapag nakatakas ang aso, makipag-ugnayan sa Health Center. Iga Hoken Jo 0595-24-8080

⑮ Kapag uupa ng apartment at iba pang tirahan (kontrata sa paupahan).

■Kailangang pera(pangbayad)

Bayad sa upa (yachin)	・Ito ang perang binabayaran buwan-buwan. ・Sa Japan, kadalasan ay advance ang bayad
Deposit” o “Pera para sa seguridad / garantiya. (shikikin)	・Binabayaran ito kapag napili na ang bahay. ・Nagbabayad ng halagang katumbas ng isa hanggang tatlong buwang upa. ・Kapag hindi nakabayad ng upa, o pagkatapos lumipat, ginagamit ito ng may-ari ng bahay para ayusin ang mga nasira o nadumihan sa loob ng unit. ・Ang perang hindi nagamit ay ibinabalik.
Bayad-pasasalamat sa may-ari (reikin)	・Ito ay perang ibinabayad bilang pasasalamat kapag napili na ang bahay na uupahan
Bayad sa ahensya (shoukai tesuuryou)	・Ito ang perang ibinabayad sa real-estate company na nagpakita o nag-ayos ng bahay na uupahan.
Bayad sa pamamahala / maintenance fee	・Ito ang perang binabayaran para sa kuryente sa mga lugar na ginagamit ng lahat, tulad ng hagdan at pasilyo, pati na rin para sa paglilinis ng mga bahaging iyon
Bayad para sa pag-renew ng kontrata.	・Ito ang perang binabayaran nang hiwalay sa upa kapag tapos na ang kontrata sa paupahan, ngunit hindi ka lilipat at mananatili ka pa rin sa parehong bahay. (Kadalasan, ang kontrata sa paupahan ay tumatagal ng dalawang taon.)

■Bahay o apartment na pag-aari ng pribadong kumpanya o indibidwal

・Umuupa ka mula sa may-ari ng bahay.
・Pupunta ka sa real-estate company (tindahan na nagpapakilala ng iba't ibang bahay para sa mga gustong umupa o bumili) upang maghanap ng bahay.

■Pampublikong pabahay.

• May **city housing** (mga kuwartong pinuupahan ng siyudad) at **prefectural housing** (mga kuwartong pinuupahan ng prefecture).
• Ang mga taong nahihirapan sa tirahan at may kaunting pera ay maaaring umupa nang mas mura.
• May iba't ibang patakaran at kundisyon bago makaupa.

	City housing	prefectural housing
Kapag tumatanggap ng aplikante (taong gustong umupa)	Hulyo, Enero	Abril, Hulyo, Oktubre, Enero
Lugar kung saan puwedeng kumonsulta	Juutaku seisaku ka 0595-22-9737	Iga nanbu fudousan jigyou kyoudou kumiai 059-221-6171

■Mga Patakaran Kapag Nakatira sa Apartment

Hindi ka dapat tumira kasama ang ibang tao o ipahiram ang iyong unit sa iba nang hindi sinasabi sa may-ari (landlord).
Hindi mo dapat baguhin, kumpunihin, o butasan ang kuwarto nang walang pahintulot.
Hindi ka dapat gumawa ng malalakas na ingay o sigaw. (Lalo na mula 8 PM hanggang 7 AM.)

× Magsalita nang malakas.
× Makinig ng musika o manood ng TV nang may malakas na tunog.
× Mag-party at kumanta o sumayaw.
× Gumamit ng mga instrumentong pang-musika tulad ng gitara.

⑯Kuryente, gas, tubig (imburnal) at cellphone (smartphone)

■Kuryente

Para sa paggamit ng kuryente, magtanong sa real estate company o sa may‐ari (landlord).
Maaari mong tingnan ang impormasyon tungkol sa brownout o pagkawala ng kuryente.

👉 Chubu Electric Power – impormasyon sa pagkawala ng kuryente.

■Gas

Ang gas na ginagamit sa bahay ay may dalawang uri: “city gas” at “propane gas.”
Iba‐iba ang uri ng gas depende sa lugar kung saan ka nakatira.

Kapag hindi tugma ang uri ng gas at ang gamit na pang‐gas (gas appliances), delikado ito.
Siguraduhing magtanong o magpaberipika sa real estate company o sa may‐ari (landlord).

■Tubig (Water Supply) / Sewer (Imburnal/Alkantarilya)

Kapag lilipat ng tirahan, siguraduhing makipag‐ugnayan 2–3 araw bago ang paglipat upang ipaalam ang pagsisimula o pagtigil ng paggamit ng serbisyo ng tubig at sewer (Imburnal/Alkantarilya)

Kapag gagamitin	・Tumawag sa Water/Sewer Customer Center para sabihin na magsisimula ka nang gumamit ng serbisyo ng tubig at Imburnal/Alkantarilya
Kapag itititgil na ang pag-gamit	・Tumawag sa Water/Sewer Customer Center at ipaalam na itititgil mo na ang paggamit ng tubig at sewer (Imburnal/Alkantarilya). ※Kahit hindi mo na ginagamit ang serbisyo, kung hindi ka magbibigay ng abiso, patuloy na may sisingiling bayad

Paraan ng pagbabayad	Magbabayad gamit ang alinman sa mga sumusunod na paraan: ① Automatic bank deduction Awtomatikong ibabawas ang bayarin mula sa iyong bank account. (Mag-aapply sa bangko o sa post office.) ② Payment slip Makakatanggap ka ng payment slip. Maaari kang magbayad sa bangko, post office, convenience store, o gamit ang smartphone app. ③ Credit card Maaari kang magbayad gamit ang iyong credit card. (Mag-aapply gamit ang computer o smartphone.)
Lugar na pwedeng lapitan para kumonsulta	Water at Sewer Customer Center (Jougesuidou okyaku sama center) 0595-24-0013

■Tungkol sa cellphone (smartphone)

Mga dokumento/requirements na kailangan sa pag-kontrata	・Residence Card ・Bank account o credit card (May mga pagkakataon na kailangan din ang pasaporte)
Mga dapat sundin	Hindi mo dapat ibigay o ibenta sa ibang tao ang smartphone na nakakontrata sa pangalan mo. Ito ay isang krimen!!
Lugar na pwedeng lapitan para kumonsulta	Pakisuri sa homepage ng kumpanya ng telepono

Insurance, pension, long‐term care insurance, disability welfare, at buwis.

⑰Health insurance / Seguro sa kalusugan

Health and Welfare Department Insurance and Pension Section （Hoken nenkin ka）

Sa Japan, lahat ay kailangang magkaroon ng health insurance para sa mga pagkakataong magkasakit o maaksidente.

■National Health Insurance / Pambansang Seguro sa Kalusugan

Ang mga taong nagtatrabaho sa isang kumpanya ay pumapasok sa health insurance ng kumpanya (social insurance).

Ang mga hindi nakasali sa social insurance ay pumapasok sa “National Health Insurance” ng Iga City

Insurance tax (pera na binabayaran)	Ang insurance tax ay nakabase sa kita ng taong naka‐insure o ng pinuno ng sambahayan noong nakaraang taon, pati na rin sa bilang ng mga miyembro ng pamilya na naka‐insure
Bayad sa ospital. 	Ipinapakita sa ospital ang MyNa health insurance card o ang qualification certificate. Ang perang babayaran sa ospital ay magiging 20% o 30%. (Nakabase ito sa kita noong nakaraang taon.)
Lugar na pwedeng lapitan para kumonsulta	Insurance and Pension Division / Insurance and Pension Section (Hoken nenkin Ka　Hoken Nenkin Kakari) 0595-22-9659

■Sistema ng Medikal para sa Nakatatandang Senior

Kapag umabot na sa 75 taong gulang, papasok ka sa “Sistema ng Medikal para sa Nakatatandang Senior.”

Itigil mo ang dating health insurance na mayroon ka

Insurance fee (pera na binabayaran)	Ang bayad sa insurance ay nakabase sa kita noong nakaraang taon ng taong naka‐insure o ng pinuno ng sambahayan
Bayad sa ospital	Ipinapakita sa ospital ang MyNa health insurance card o ang qualification certificate. Ang perang babayaran sa ospital ay magiging 10%. (May mga taong 20% o 30% ang binabayaran.) Nakabase ito sa kita noong nakaraang taon.
Lugar na pwedeng lapitan para kumonsulta	Insurance and Pension Division / Medical Subsidy Section (Hoken nenkin Ka　Iryou Josei Kakari) 0595-22-9660

Atbp.

☝ Kapag ang perang binayaran mo sa ospital ay lumampas sa itinakdang limit, may posibilidad na maibalik sa iyo ang bahagi ng iyong binayad. (High-cost medical care benefit)

☝ May pera na maaaring matanggap kapag ipinanganak ang isang bata (lump-sum childbirth and childcare benefit),

at may pera rin na maaaring matanggap kapag namatay ang isang taong naka-insure (funeral expense benefit)

⑱National Pension Insurance and Pension Division (Hoken Nenkin Ka) 0595-22-9659

Sa Japan, ang lahat ng taong may edad mula 20 hanggang bago mag-60 ay kinakailangang pumasok sa National Pension (Kokumin Nenkin).
Ang mga taong nagbayad sa pension ay makakatanggap ng pera kapag tumanda sila, o kung nagkaroon sila ng kapansanan dahil sa sakit o aksidente.

・Kung nagtatrabaho sa kumpanya ⇒ Employees' Pension (Kōsei Nenkin)
・Kung hindi nagtatrabaho sa kumpanya ⇒ National Pension (Kokumin Nenkin)

Bayad sa insurance	・Ang bayad sa insurance (hokenryō) ay nagbabago bawat taon. ・Kapag hindi makabayad, makipag-ugnayan o kumonsulta sa tanggapan ng Insurance at Pensiyon (hoken nenkin ka) o sa opisina ng Pensiyon (nenkin jimusho).
Pension na maaaring matanggap / Pensiyong makukuha	・Ang Basic Old-Age Pension ay nakukuha pagdating ng 65 years old." ・Ang Basic Disability Pension naman ay ibinibigay kapag nagkaroon ng permanenteng kapansanan dahil sa sakit o injury.
Lump-sum withdrawal payment	・Kapag nakapagbayad ka ng insurance fee (hokenryō) nang higit sa 6 na buwan at umuwi ka sa iyong bansa nang hindi tumatanggap ng pensiyon, may pagkakataon na maaari kang makatanggap ng refund
Japan Pension Service Homepage	・Makakakita ka ng paliwanag tungkol sa pensiyon at iba't ibang mga anunsyo sa iba't ibang wika ng iba't ibang bansa
Lugar na pwedeng lapitan para kumonsulta	TSU Nenkin Jimusho 059-228-9112 **(Gabay na awtomatikong boses: pindutin ang ① → ②)**

⑲ Insurance sa pangangalaga (kaigo hoken)

“Ang lahat ng taong nakatira sa Japan na may edad 40 pataas ay kailangang naka-enroll sa insurance para sa pangangalaga **(kaigo hoken).** Magbabayad sila ng insurance fee, at kapag sila ay naging bedridden o mangangailangan ng pangangalaga, maaari silang gumamit ng mga kinakailangang serbisyo sa pamamagitan ng pagbabayad lamang ng bahagi ng kabuuang gastos.

Kapag nais gumamit ng care services, kailangang mag-apply sa City Hall para sa assessment o certification kung gaano kalaking pangangalaga ang kailangan (yōkaigo nintei).

Lugar na pwedeng lapitan para kumonsulta 	・**Pag-aapply para sa kaigo (care/long-term care) certification at tungkol sa bayad sa insurance.** Kaigo Kourei Fukushi Ka 0595-26-3939 ・**Mga bagay na pinoproblema / mga suliranin.** Chiki Houkatsu Shien Center 0595-26-1521

⑳ Welfare para sa mga taong may kapansanan

Ang mga taong may kapansanan at ang kanilang pamilya ay maaaring kumonsulta.

Kapag nakakuha ng ‘techō’ (ID booklet) na naglalaman ng uri at antas ng kapansanan, maaari kang gumamit ng iba’t ibang serbisyo

Lugar na pwedeng lapitan para kumonsulta	・Tungkol sa techō (ID booklet) Shougai Fukushi Ka 0595-22-9656 ・ Mga bagay na pinoproblema / mga suliranin. Shougai Sha Soudan Shien Center 0595-26-7725

㉑Buwis

Ang buwis ay pera na binabayaran ng mga taong nakatira sa Japan.
sa bansa, prefecture, at lungsod.
Ginagamit ng bansa, prefecture, at lungsod ang nakolektang buwis para sa kapakanan ng pamumuhay ng lahat.

Income tax	•Ito ay buwis na binabayaran sa bansa. •Kapag gumawa ka ng kakutei shinkoku (tax return) sa mga taon na malaki ang nagastos mo sa ospital, maaaring bumaba ang buwis na kailangan mong bayaran. **Ueno Zeimusho** 0595-21-0950
Buwis ng lungsod at prefecture	•Ito ay buwis na binabayaran sa lungsod at prefecture. • Binabayaran ito sa lungsod kung saan nakarehistro ang iyong tirahan noong Enero 1. • Ang halaga ng babayaran ay nakabase sa sahod at iba pang kita na natanggap mula Enero 1 hanggang Disyembre 31 ng nakaraang taon. **Kazei Ka** 0595-22-9613
Buwis sa sasakyan Buwis sa kei car (maliit na sasakyan)	•Ito ay buwis na binabayaran sa prefecture at lungsod ng mga taong may sasakyan o motor tuwing Abril 1 bawat taon Iga Prefecture Tax Office (buwis sa sasakyan) 0595-24-8020 **Kazei Ka（Kei Jidou Sha）** 0595-22-9613
Buwis sa nakapirming ari-arian	•Ito ay buwis na binabayaran sa lungsod ng mga taong may nakapirming ari-arian (tulad ng lupa at gusali) tuwing Enero 1 bawat taon **Kazei Ka** 0595-22-9614
Pagbabayad ng buwis	•Kapag hindi nabayaran ang buwis bago ang takdang petsa, bukod sa buwis ay kailangan ding magbayad ng entaikin (late payment fee). Kung hindi talaga kayang magbayad bago ang deadline, dapat makipag-ugnayan o kumonsulta. **Ueno Zeimusho（Income tax at consumption tax）** 0595-21-0950 **Iga Kenzei Jimusho（jidōsha-zei）** 0595-24-8020 **Shuuzei Ka (shi kenminzei) (kei jidōsha-zei) (kotei shisan-zei) (kokumin kenkō hoken-zei)** 0595-22-9612

㉒Kapag nag-buntis, (pumunta sa) Child Growth Support Section (Kodomo no sodachi shien-ka) 0595-41-1556

Kapag buntis, kukuha ng Mother and Child Health Handbook (Boshi Kenkou Techou) sa city hall. Kung may mga bagay na nakaka-pag-alala o nagpapahirap, maaari kang kumonsulta.

■Mother and Child Health Handbook

Kapag pupunta sa ospital, dala mo ang Mother and Child Health Handbook.

Dito isinusulat ang kalagayan ng kalusugan ng ina habang buntis, ang laki ng katawan ng sanggol pagkatapos ipanganak, kung anong sakit ang naranasan, at kung nakatanggap na ng mga bakuna (mga iniksiyon para hindi magkasakit)

Kapag kumukuha ng Mother and Child Health Handbook, makakatanggap ka rin ng mga consultation slip para sa prenatal checkups

Mga dapat dalhin	• Formularyo ng Pagpaparehistro ng Pagbubuntis (ibinibigay ng ospital) • Residence Card • My Number Card • Passbook o cash card ng mismong buntis

㉓Kapag ipinanganak ang sanggol, pumunta sa Family Registry and Resident Affairs Section (Koseki Jūmin-ka) 0595-22-9645

Sa loob ng 14 na araw mula sa araw na ipinanganak ang sanggol, kailangan magsumite ng ‘Birth Notification’ (Shusshō Todoke) sa city hall

Mga dapat dalhin	• Birth Notification (Shusshō Todoke) – ibinibigay ng ospital • Residence Card at pasaporte ng ama at ina • Mother and Child Health Handbook



※Kapag parehong dayuhan ang ama at ina, kailangan pumunta sa Immigration (Nyūkan) upang kunin ang Residence Card ng sanggol （⇒ P 8）

㉔Daycare/Children Center / Kindergarten – Childcare and Kindergarten Section (Hoiku Yochien Ka) 0595-22-9655

Ang mga batang wala pang 6 na taong gulang bago pumasok sa elementarya ay maaaring pumasok sa daycare center (hoikusho), kindergarten (yōchien), o sa certified child center (nintei kodomoen)

Daycare Center (Hoikusho / Hoikuen) May mga pampublikong daycare center (kōritsuhoikusho/hoikuen) at mayroon ding mga pribadong daycare center (shiritsu hoikuen)	• Kapag ang mga magulang ay nagtatrabaho o may karamdaman, ang mga batang mula 0 taong gulang hanggang bago pumasok sa elementarya ay maaaring pumasok. Natututo sila ng iba't ibang bagay habang naglalaro. • Available hours (Monday to Friday / weekdays) （Public） ７：３０～１８：００ （Private） ７：００～１８：００ • Kapag nais mong papasukin ang iyong anak, mag-aapply ka bandang Oktubre ng nakaraang taon
Kindergarten	• Ang mga batang mula 3 taong gulang hanggang bago pumasok sa elementarya ang pumapasok dito. Matututo sila ng maraming bagay habang naglalaro. • Oras ng pagpasok (Lunes hanggang Biyernes): 8:30–14:00 •Kapag ang mga magulang ay nagtatrabaho, maaaring manatili ang mga bata hanggang hapon. •Kung nais mong papasukin ang iyong anak, mag-aapply ka bandang Setyembre ng nakaraang taon."
Private certified childcare center / kindergarten (Kodomoen)	• May mga katangian ang parehong yōchien (kindergarten) at hoikusho (daycare). • Kapag nais mong mag-enroll, mag-aapply ka bandang Oktubre ng nakaraang taon.

※Libre (0 yen) ang bayad sa pag-aalaga at karagdagang pagkain para sa mga batang nasa klase ng 3 taong gulang hanggang 5 taong gulang.
Para sa gastos sa mga gamit pang-aral , mangyaring makipag-ugnayan sa pasilidad



㉕ Elementary School at Junior High School – School Education Division (Gakkou kyoiku-ka)

0595-22-9649

●Ang mga magulang ng mga batang Japanese na may edad 6 hanggang 15 ay kinakailangang papasukin ang kanilang mga anak sa paaralan.
(Ito ay tinatawag na sapilitang edukasyon / compulsory education.)
●Mula edad 6, pumapasok ang bata sa elementarya (shōgakkō), at mula edad 12 hanggang 15, pumapasok sila sa junior high school (chūgakkō).
●Nagsisimula ang taon ng pag-aaral tuwing Abril at nagtatapos sa Marso ng susunod na taon.
●Ang mga batang dayuhan ay maaari ring pumasok sa elementarya at junior high school sa Japan. (Mag-aapply sa city hall.)
●Ang paaralang papasukan ng bata ay nakabase sa tirahan (address) kung saan sila nakatira.

Paliwanag / Orientation para sa Pagpasok sa Paaralan	・Para sa mga batang magiging Grade 1 sa elementarya mula Abril, may orientation / paliwanag para sa pagpasok (Nyuugaku Setsumei Kai) sa elementaryang papasukan nila, karaniwang bandang Nobyembre. ・Para sa mga batang magiging 1st year sa junior high school mula Abril, may orientation / paliwanag para sa pagpasok sa junior high school na papasukan nila, karaniwang mula Nobyembre hanggang Enero.
Halaga ng babayaran	・Libre (0yen) ang bayad sa pagtuturo , bayad sa mga aklat-aralin at bayad sa school lunch ・May gastos para sa mga gamit sa pag-aaral ・Kung mababa ang kita at hindi kayang bayaran ang mga gastusin, may mga pagkakataon na maaari kang makatanggap ng tulong pinansyal para sa mga bayarin. (Ito ay tinatawag na tulong para sa pag-aaral -Shuugaku Enjo)
Pag-aaral ng wikang Hapon (Silid-aralan para sa paunang pag-angkop / initial adaptation class)	Kapag ang isang batang dayuhan ay unang papasok sa paaralan sa Japan, at hindi siya marunong magsalita ng Japanese o halos hindi niya ito naiintindihan, maaari siyang mag-aral ng Japanese at iba pang mga aralin sa loob ng tatlong buwan
Orientation para sa pagpili ng kurso / hinaharap (Shinro Guidance)	May orientation o paliwanag para sa mga batang dayuhan at kanilang mga magulang (tatay at nanay) tungkol sa pagpasok sa high school. Ginaganap ito bandang Setyembre

㉖Senior High School · Unibersidad · Junior College · Technical/Vocational School

■Senior High School（Koukou）

Ang sinumang nakapagtapos ng junior high school (kahit hindi sa Japan, basta't kinikilalang may katumbas na antas ng kaalaman) ay maaaring pumasok sa senior high school kapag nakapasa sa entrance exam.

May mga senior high school na pang-gabi o part-time, at mayroon ding senior high school na gumagamit ng internet para sa pag-aaral.

Lugar na pwedeng lapitan para kumonsulta	**・Mga Pampublikong High School ng Prefecture** **Mie Prefecture – Komite sa Edukasyon, Opisina ng High School Education Division** 059-224-3002 **・Mga Pribadong High School** **Mie Prefecture – Kagawaran ng Pamumuhay at Kapaligiran, Private School Division** 059-224-2161

■Unibersidad · Junior College · Technical/Vocational School

Ang mga taong nakapagtapos ng senior high school ay maaaring kumuha ng entrance exam para makapasok sa unibersidad, junior college (two-year college), o iba pang paaralan.

Kapag nakapasa sa entrance exam, maaari silang pumasok at mag-aral doon.

Para sa mga detalye, makipag-ugnayan nang direkta sa paaralang nais mong pasukan.

㉗At iba pa.

■After-school Child Club

Kapag tapos na ang klase sa elementarya at hindi kayang alagaan ng mga magulang ang kanilang anak dahil sila ay nagtatrabaho o may ibang dahilan, maaaring i-pahinga o i-paalaga ang bata sa After-school Child Club

Oras ng Paggamit	Pagkatapos ng klase (After school) → Pagkatapos ng pagtatapos ng klase sa paaralan hanggang 18:00 Sa panahon ng mahahabang bakasyon → Mula 8:00 hanggang 18:00
Pera (Bayad sa Paggamit)	Kung gagamit ng After-school Child Club araw-araw pagkatapos ng klase → 8,000 yen kada buwan bawat isang bata Kapag gagamit sa panahon ng mahahabang bakasyon → May hiwalay na bayad na kailangang bayaran.
Atbp.	Bawat taon, kailangan mag-apply muli para sa rehistrasyon.
Lugar na pwedeng lapitan para kumonsulta	Children's Policy Division （Kodomo Seisaku Ka） 0595-22-9677

■Pag-aaral ng Bata (Suporta sa Pag-aaral)

	Silid-aralan para sa Suporta sa Pag-aaral “Sasayuri”	Silid-aralan para sa Pag-aaral ng Kanji
Araw at oras	Sabado 14:00–16:00	Miyerkules 15:30–16:30
lugar	Iga City Comprehensive Welfare Center, 2nd Floor	Haitopia Iga, 4th Floor
Mga taong maaring sumali	Mula Grade 5 ng Elementarya hanggang 3rd year ng Junior High School, para sa mga mag-e-exam sa Senior High School	Mula Grade 1 hanggang Grade 4 ng Elementarya
Bayad sap ag-gamit	Isang beses — 200 yen	1 buwan — 300 yen
Lugar na pwedeng lapitan para kumonsulta	NPO Iga no Tsutamaru 0595-23-0912 080-3590-7612	Iga International Friendship Association 070-4455-4900

■Atbp. Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa pagpapalaki ng mga anak

Pakitingnan mula rito☞ 伊賀流未来応援の術

Mga Patakaran sa kalsada

Para sa kaligtasan, alamin natin ang mga patakaran ng Japan

㉘Kapag mag-lalakad



• Maglakad sa bangketa (daan para sa mga naglalakad).
• Kung walang bangketa, maglakad sa kanang bahagi ng kalsada.
• Kapag tumatawid, dumaan sa may traffic light o pedestrian lane

㉙kapag sasakay ng bisikleta



• Ang bisikleta ay tumatakbo sa kaliwang bahagi ng kalsada (daan ng mga sasakyan).
• Bawal magbisikleta kapag uminom ng alak.
• Kapag nagbibisikleta, magsuot ng helmet.
• Bawal magbisikleta habang gumagamit ng payong o cellphone (smartphone).
• Sa Iga City (Mie Prefecture), ang mga nagbibisikleta ay kailangang may insurance para sa pananagutan sa pinsala na dulot ng bisikleta.

㉚Kapag magmamaneho ng sasakyan o motorsiklo

• Kailangan ng lisensya para magmaneho ng kotse o motorsiklo. (Maaaring kunin ang written exam sa English, Portuguese, Chinese, Vietnamese, at iba pa.)
• Kapag nagmamaneho ng kotse o motorsiklo, dapat may dalang driver's license.
• Para sa kaligtasan, ang mga sakay ng kotse ay dapat magsuot ng seatbelt. Ang mga nakasakay sa motorsiklo ay dapat magsuot ng helmet.
• Bawal gumamit ng cellphone (smartphone) habang nagmamaneho.
• Bawal magmaneho kapag naka-inom o uminom ng alak.

Atbp.

㉛ Sa ganitong mga pagkakataon

■Kapag gusto mong makakuha ng impormasyon

●Ang “Kōhō Iga” (Public Information Iga)
Makikita ito sa multilingual website na “My Kōhōshi.”
(May suporta sa maraming Wika: Japanese Filipino, English, Korean, Chinese [Traditional/ Simplified], Thai, Portuguese, Spanish, Indonesian, Vietnamese, Russian, French, Nepali, Malay, Hindi, German, Myanmar, Italian, Arabic, Sinhala, Tamil, Bengali, Khmer, Turkish, Persian, at iba pa.)

マイ広報紙

※Ang pagsasalin ay machine translation

●Multilingual Information Paper “Iga”
Nakasulat dito ang mga anunsyo mula sa Iga City at impormasyon tungkol sa pamumuhay.
(Nakasulat sa Madaling Nihongo, Portuguese, Spanish, Chinese, English, Vietnamese.)



●Iga City Homepage
Makikita mo rito ang mga anunsyo mula sa Iga City.
(Suportado ang Madaling Nihongo, English, Chinese, Portuguese, Spanish, at Vietnamese.)

※Ang pagsasalin ay machine translation



●Homepage at Facebook ng Multicultural Coexistence Center
Makikita mo rito ang mga anunsyo mula sa Iga City Multicultural Coexistence Center.
(Nakasulat sa Madaling Nihongo, Portuguese, Spanish, Chinese, English, at Vietnamese.)

伊賀市多文化共生センター
IGASHI TABUNKA KYOUSEI CENTER

伊賀市多文化共生センター
Iga-shi tabunka kyousei center

●LINE

Kapag idinagdag mo bilang “friend,” makakatanggap ka ng mga anunsyo mula sa Iga City.



●Portal Site para sa Suporta sa Pamumuhay ng mga Dayuhan

Makikita mo rito ang mga anunsyo at impormasyon mula sa pambansang pamahalaan.
(Suportado ang Portuguese, Spanish, Chinese, English, Vietnamese, Korean, Thai, Tagalog, Indonesian, at iba pang wika.)

※Ang pagsasalin ay machine translation

■Kapag gusto mong kumonsulta / humingi ng payo

●**Tabunka kyousei Ka**



0595-22-9702

Lunes hanggang Biyernes (karaniwang araw) 9:00–16:30

Tagapayo: Portuguese, Spanish, Chinese, Tagalog, English, Vietnamese, at Madaling Nihongo

Video Interpreter: Portuguese, Spanish, Chinese, English, Vietnamese, Tagalog, Thai, French, Nepali, Hindi, Russian, Indonesian, Myanmar, Malay

伊賀市多文化共生センター IGASHI TABUNKA KYOUSEI CENTER

伊賀市多文化共生センター Iga-shi tabunka kyousei center

●Tabunka kyousei Center

0595-22-9629

Lunes hanggang Biyernes (karaniwang araw) 9:00–16:30

Lugar: Ueno Marunouchi 500, Hattopia Iga, ika-4 na palapag

Tagapayo: • Portuguese (Lunes, Martes, Miyerkules) • Spanish (Lunes, Martes, Miyerkules) • Chinese (Lunes) • English (Huwebes) • Tagalog (Huwebes) • Vietnamese (Biyernes) • Madaling Nihongo

Video Interpreter: Portuguese, Spanish, Chinese, English, Vietnamese, Tagalog, Thai, French, Nepali, Hindi, Russian, Indonesian, Myanmar, Malay

●Mie Support Center para sa Konsultasyon ng mga Dayuhan (**MieCo**)

080-3300-8077

Lunes hanggang Biyernes (karaniwang araw) 9:00–16:00

Wika: Portuguese, Spanish, Chinese, English, Vietnamese, Tagalog, Thai, Indonesian, Nepali, Korean, Japanese

● **NPO Corporation Iga no Tsutamaru**

0595-23-0912/ 080-3590-7612

Telepono Lunes hanggang Biyernes (karaniwang araw)

Opisina: Lunes, Miyerkules, Biyernes — 10:00–16:00

■Kapag gusto mong kumonsulta tungkol sa pananatili sa Japan

●Konsultasyon para sa mga Dayuhan kasama ang Administrative Scrivener

Maaari kang kumonsulta sa isang administrative scrivener (gyōsei shoshi). Kailangan magpa-appointment muna

Tabunka kyousei Ka 0595-22-9702

Unang Huwebes ng bawat buwan — 13:30–16:00

Lugar: Ueno Marunouchi 500, Hattopia Iga, ika-4 na palapag

●Comprehensive Information Center para sa Pananatili ng mga Dayuhan

0570-013904

Lunes hanggang Biyernes (karaniwang araw) 8:30–17:15

Available na mga wika: Portuguese, Spanish, Chinese, English, Vietnamese, Tagalog, Thai, Indonesian, at iba pa.

■Kapag nahihirapan ka sa pamumuhay / kapag may problema sa pang-araw-araw na buhay

●**Seikatsu Shien Ka** 0595-22-9650

Lunes hanggang Biyernes (karaniwang araw) 8:30–17:15

■Kapag gusto mong maghanap ng trabaho

● Hello Work Iga

0595-21-3221

Lugar: Shijukuchō 3074-2

Lunes hanggang Biyernes (karaniwang araw) 8:30–17:15

(Lunes, Martes, Miyerkules) • Portuguese • Spanish• English

■Kapag may problema ka tungkol sa trabaho

●Iga Labor Standards Inspection Office

0595-21-**0802** (Supervision / Safety and Health Division)

0595-21-**0803** (Labor Accident Division)

Lugar: Midorigaoka Honmachi 1507-3

Lunes hanggang Biyernes (karaniwang araw) 8:30–17:15

●Consultation Corner para sa mga Dayuhang Manggagawa		
Lugar	Yokkaichi Labor Standards Inspection Office Yokkaichi-shi Shinshō 2-5-23 059-342-0340	Tsu Labor Standards Inspection Office Tsu-shi Shimazaki-chō 327-2 059-227-1282
wika	Portuguese · Spanish	Portuguese · Spanish · English

※Kung kailangan mo ng interpreter, tumawag muna at mag-confirm

●Consultation Dial para sa mga dayuhang manggagawa

0570-001-70□

English 1 · Chinese 2 · Portuguese 3 · Spanish 4 · Tagalog 5 · Vietnamese 6 · at iba pa

Lunes hanggang Biyernes (karaniwang araw) 10:00–15:00

※ Depende sa wika, nag-iiba ang numero ng telepono, pati ang mga araw at oras na bukas.
Pakisuri sa homepage.

※ Mayroon ding “Labor Conditions Consultation Hotline.

■Kapag gusto mong mag-aral ng Japanese

●Iga Japanese Language Association 090-3425-7099
⏰ Miyerkules 19:30–20:40
⏰ Sabado 19:00–20:30
Lugar: Iga City Comprehensive Welfare Hall
Bayad: 200 yen bawat isang session
※ May online class din.

●Tsunagaru Hirogaru Nihongo de no Kurashi
(Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology)

㉜Malalaking festival at events ng Iga City

【Ueno Tenjin Matsuri】

Ito ay isang malaking pista na higit 400 taon nang ipinagdiriwang. Siyam na danjiri (mga karosang pang‐pista) at mga demon/oni ang naglalakad sa loob ng bayan.
Ang pistang ito ay nakatala bilang:

UNESCO Intangible Cultural Heritage

Nationally Designated Important Intangible Folk Cultural Property

Ginaganap ito tuwing Biyernes, Sabado, at Linggo na pinakamalapit sa Oktubre 25 bawat taon.

●Event

Pangalan	kailan
Iga Ueno NINJA Festa	Unang bahagi ng Mayo
Summer Festival for Citizens	Agosto
Iga City International Exchange Festa	Unang bahagi ng Oktubre



Guidebook para sa mga dayuhang naninirahan sa Iga City

Binago noong Abril 2026 (Reiwa 8)

Iga City Multicultural Coexistence Division
518-8501
3184 Shijuku-chō, Iga City, Mie Prefecture
TEL: 0595-22-9702

https://www.city.iga.lg.jp/0000011976.html